

# 1

Tuwang-tuwa si Carla. Sumasakit na ang tiyan niya sa katatawa pero patuloy pa rin sa pagka-crack ng jokes ang officemate niyang si Arnold. Nasa garden sila ng bahay ng boss nila—si Mr. Arturo, ang may-ari ng *Twin A Marketing, Inc.* Celebration ng twentieth wedding anniversary nito. Sa lahat ng mga bisitang naroon, ang grupo nila ang pinakamaingay at pinakamasaya, at iyon ay dahil sa palabiro nilang kaopisina.

Tuloy pa rin ang kasayahan at hindi nila alintana ang oras.

“Ay! Alas onse na pala!” gulat na bulalas ni Carla nang mapatingin sa relo niya. “Mauuna na ako’t malayu-layo pa’ng uuwian ko.”

Tumayo na siya para magpaalam sa kanilang boss at asawa nito. Bago iyon ay nagpunta muna siya sa bathroom. Tiningnan niya ang sarili sa salamin, sinuklay ang buhok na lampas-balikat.

Maputi si Carla, mestiza, balingkinitan ang katawan, matangos ang ilong at may full lips. Pero ang pinakamaganda sa kanya ay ang kanyang mga mata. Mapupungay at expressive ang mga iyon.

Nang masiyahan sa nakita ay lumabas na siya at nagpaalam sa hosts ng party.

---

Binabagtas na ni Carla ang highway patungo sa bahay niya. Wala nang masyadong laman ang kalsada dahil gabing-gabi na. Mayamaya lang ay bigla siyang nahilo. Umikot ang kanyang paningin at nahihirapan siyang huminga. Pumipintig din ang ulo niya. Naalala niyang nakatatlong baso siya ng alak at dahil hindi sanay uminom ay medyo tinamaan siya.

Hinawakan niya ang noo upang masahihin iyon. *Hindi naman ako puwedeng huminto rito't baka ano pa'ng mangyari sa akin.* Nagtatalo ang isip niya. *Hindi bale, malapit na ako sa bahay. Doon na lang ako magpapahinga.* At itinuloy na niya ang pagmamaneho.

Pagkalipas ng ilang sandali ay narating na niya ang purok nila. *Pero bakit ganito?* tanong niya sa isip. *Iba yatang daan ito.* Nalilitong iginala niya ang mga mata sa paligid.

“Ano ba naman ito? Bahay ko na nga ang pupuntahan ko, naligaw pa yata ako,” sita niya sa sarili. Naisip niyang medyo lasing nga siya.

Napilitan siyang huminto sa tabi ng kalsada,

pinatay ang makina at binuksan ang bintana upang makalapas ng sariwang hangin. Madilim ang paligid at walang katau-tao roon. Ni wala siyang makitang bahay. Bigla siyang kinabahan. Ini-start niya ang kotse ngunit....

“Ano ba naman!” reklamo niya. “Bibili ka lang kasi ng kotse, bulok pa!”

Pinihit niya ulit ang ignition key pero wala ring nangyari. “Buwisit!” bulalas niya.

Iginala niya ang tingin. Wala namang nagdaraang tao sa daan. “Pa’no kaya ito?”

Nagdesisyon siya. Maglalakad-lakad siya nang kaunti upang maghanap ng mahihingan ng tulong. *Baka sakaling may makita akong bahay na puwedeng katukin sa ganitong oras.*

“Hay naku!” sumusukong buntunghininga ni Carla. Bumaba siya ng kotse at ini-lock ang pinto niyon.

Pagkaraan ng ilang sandali ay medyo nawala na ang pagkahilo niya at pananakit ng kanyang ulo. Pero sa paglalakad ay wala pa rin siyang nakikitang bahay. Nag-aalinlangan na siya kung itutuloy pa niya ang paghahanap ng mahihingan ng tulong.

Mayamaya lang ay may naaninag siyang liwanag. Nabuhayan siya ng loob at nagmamadaling lumapit doon.

Ang liwanag ay nagmumula sa isang lumang barung-barong na natatakpan ng mga lumang gulong ng truck. *Siguro'y dating talyer ito*, naisip niya. Kakatok na sana siya nang may narinig siyang isang malakas na boses ng lalaki sa loob ng bahay.

“Talagang pinaiinit mo ang ulo ko!” Buung-buong ang malakas na boses nito.

Napatago tuloy si Carla sa likod ng isang tambak ng gulong.

“Boss, talagang matigas ang ulo,” narinig niyang sabi ng isa pang lalaki na medyo matinis ang boses. “Ano? Tapusin na natin ito.”

“Oo nga, Boss, tapusin na natin 'to,” dagdag ng isa pang lalaki na malalim ang boses.

“H-huwag... maawa kayo sa akin,” pagsusumamo ng isa pang lalaki.

“Maawa? Ang tigas ng ulo mo, eh. Papa'no ako maaawa sa iyo!” sigaw ng unang lalaki.

“M-maawa na kayo.... May pamilya ako,” patuloy na pagmamakaawa nito.

“Hindi na, Tomas. Napipikon na ako. Pero dahil sa matagal-tagal din naman tayong nagsama, bibigyan kita ng pampalubag-loob.”

“A-ano ’yon?” nanginginig na tanong ng lalaki.

“Ako mismo ang papatay sa iyo.”

Gumuhit ang takot sa dibdib ni Carla. Kailangan niyang umalis doon... tumakbo palayo! Pero sa halip na umalis ay parang may nag-udyok sa kanyang sumilip pa mula sa pinagtataguan upang makita kung ano ang nangyayari sa loob ng barung-barong.

Nakatapat siya sa isang bintana. Pagsilip niya ay nakita niya ang isang lalaki na nakatalikod sa kanya. Mataas at matipuno ito, maiksi ang buhok at nakasuot ng kupas na maong na jacket.

Nakita rin niya ang katapat nitong lalaki na nakaluhod sa harapan nito. Mukhang maliit lang ito, kulot ang buhok at maitim. Nanginginig ito at putlang-putla sa takot.

“H-huwag! Maawa ka sa akin,” pagsusumamo nito.

Tumawa nang malakas ang lalaking nakatalikod. Humalakhak ito na parang nakakaloko. Parang nayayanig ang buong bahay sa lakas ng tawa nito.

Unti-unti itong bumunot ng punyal sa likod na bulsa ng suot na pantalon. Nangislap ang talim niyon. Humirit pa ito ng isang tawa at saka sinaksak sa tiyan ang lalaking nasa harapan nito.

“Huwag!” Napasigaw si Carla bago niya mapigilan ang sarili. Tinakpan niya ang bibig at mabilis na yumuko.

Hindi siya nakita ng lalaki pero pinalipad nito ang punyal sa direksyong pinanggalingan ng sigaw. Nagulat si Carla sa punyal na tumusok sa gulong sa may ulunan niya. Natulala siya at hindi makagalaw sa kanyang kina-tatayuan.

Natitigan niya nang husto ang punyal. Mahaba iyon, mga anim na pulgada ang sukat, metal ang hawakan na kulay tanso. May nakaukit na dalawang letra sa bandang dulo ng talim—‘RC.’

Natauhan siya. *Dapat na akong umalis dito!* Ngunit huli na para tumakbo siya papalayo dahil papalapit na ang lalaki sa kanyang puwesto.

Nataranta siya, lumingun-lingon hanggang makita ang isa pang kulupon ng mga gulong. Dali-dali siyang nagtago roon.

Eksakto naman ang pagdating ng pinuno ng kalalakihan upang hanapin siya. Kinuha nito ang

punyal na tumusok sa gulong.

Pigil na pigil ni Carla ang paghinga. Pinilit niyang silipin ang mukha ng lalaki pero masyadong madilim. Ang tanging liwanag ay ang ilaw na galing sa bahay na noon ay nasa likuran na ng lalaki. Nang tumingin siya sa bandang ibaba ay nakita niya ang botang suot nito sa kanang paa. Kapansin-pansin iyon dahil parang may mantsang puti sa itim na kulay. Ngunit ang kaliwang pares naman ay walang mantsa.

Sinilip-silip ng lalaki ang mga gulong pero wala itong nakita. Matapos mag-imbetiga ay umalis na ito at muling pumasok sa barung-barong.

“Boss, may tao ba?” tanong ng lalaking may matinis na boses.

“Mga gago! Ano pa’ng hinihintay ninyo! Itapon na ninyo ’yang bangkay at baka matiktikan pa tayo,” utos nito.

“Yes, Boss!” talima ng dalawang alalay nito.

Sinamantala ni Carla ang pagkakataon para tumakbo pabalik sa kotse niya. Pakiramdam niya ay may sumusunod sa kanya kaya binilisan niya ang pagtakbo hanggang sa madapa siya. “Aray!” sigaw niya. Nanginginig ang kanyang tuhod pero pinilit niyang tumayo at patuloy na tumakbo.

*Hindi Kita Iwan - Aiya Lozano*

---

Pagdating sa kotse ay dali-dali niyang kinuha ang susi sa bag. Sa panginginig ay nahulog niya iyon. “Shit!” Pinulot niya ang susi at binuksan ang pinto.

Nakasakay na siya ay nanginginig pa rin ang kanyang mga kalamnan. Ini-start niya ang makina at nakahinga nang maluwag nang umandar iyon.

Nagmamaneho na siya nang mapansing umiiyak pala siya. Hinang-hina na siya pero hindi siya puwedeng huminto. Kinakailangan na niyang makauwi ng bahay.



## 2

*Tumatakbo siya sa isang madilim na kalsada. Hingal na hingal na siya pero hindi siya dapat huminto. May naririnig siyang mabibigat na yabag sa kanyang likuran. Mabilis na sumusunod ang mga iyon sa kanya. Hindi siya dapat huminto. Pero hindi na niya kaya. Natalisod siya, bumagsak sa kalsada.*

*Paglingon niya ay tumambad sa kanyang paningin ang kupas na maong na jacket at ang bota na may puting mantsa.*

*Nanginig ang buong katawan niya. Para siyang napako sa pagkakadapa. Gusto niyang sumigaw upang humingi ng tulong pero wala ni isang salitang lumabas sa kanyang bibig.*

*May hinugot ang lalaki. Isang mahabang punyal. Kumislap ang talim niyon. Nakita niya ang nakaukit na dalawang letra roon—‘RC.’*

*Itinaas ng lalaki ang punyal, handa nang isaksak sa kanya. Humalakhak ito, nakakabinging halakhak.*

*“Aaah!” sigaw ni Carla.*

*Bumalikwas siya; humihingal at mabilis ang*

tibok ng puso. Pinagpapawisan siya pero nanlalamig ang kanyang buong katawan. Pinunasan niya ang butil-butit na pawis sa noo.

“Panaginip lang... panaginip lang ’yon,” pagpapakalma niya sa sarili.

Pero ang nangyari nang nakaraang gabi ay tiyak niyang hindi panaginip. Totoong-totoo iyon at kailangan niya iyong i-report sa pulis. Tumingin siya sa labas ng bintana. Umaga na. Bumangon na siya at lumabas ng kuwarto.

Hindi na niya nalaman kung papaano siya nakauwi nang gabing iyon. Ang mahalaga ay ligtas na siya. *Ligtas na nga ba ako? Bakit kinakabahan pa rin ako? Wala pa naman si Aling Simang, sabi niya sa isip na ang tinutukoy ay ang kanyang katulong. Bakit ba naman ngayon pa nagkasakit ang anak niya. Bigla tuloy siyang napauwi sa probinsya.*

Sa pagkakaisip niyon ay lalong nanlamig ang katawan ni Carla. Kailangan na niyang pumunta sa mga pulis.

---

“Ang tagal naman! Kelan pa ba lalabas ang mokong na ’yan?” reklamo ni Willie sa partner nitong si Rouel.

“Shh! Huwag kang maingay. Basta maghintay ka lang diyan,” sagot ni Rouel dito.

Nagtatago ang dalawa sa likod ng mga puno at halaman na nasa harapan ng isang bahay pero hindi sila nag-iisa. Marami silang kasamahan na nakapalibot sa buong bahay.

Mayamaya lang ay lumapit kay Rouel ang isang kasamahan nila. “Sir, isang oras na po tayong naghihintay. Susugod na ba tayo sa loob?”

“Huwag muna. Bumalik ka na sa puwesto mo’t hintayin mo na lang ang senyas ko,” utos niya.

Si Special Agent Rouel Concepcion ang leader ng squad na iyon—ang binatang pinakamagaling sa headquarters nila. Hina-handle niya ang homicide division.

Ang inaabangan nila ay ang suspect sa pagpatay sa isang teen-ager kamakailan lang. Ilang araw na nila itong pinaghahanap pero sadyang mailap ito. Hanggang sa may nakapagturo ng pinagtataguan nito. Nakita nila itong pumasok sa bahay pero hindi pa rin lumalabas.

“Nakatunog yata, ah,” bulong niya kay Willie.

Mayamaya lang ay bumukas ang pinto ng bahay

at lumabas doon ang isang matandang babae na nakabelo at may dalang basket. Kinutuban si Rouel.

Sumenyas siya sa kanyang squad, kasabay niyon ay tumakbo siya sa direksyon ng matandang babae. Pero nalingunan siya nito at nang makitang papalapit siya ay bumira ito ng takbo.

Naghabulan sila. Nakihabol din si Willie at ang iba pa nilang kasama pero sadyang mabilis ang lalaki kaya naiwan ang iba. Si Rouel na lang ang nananatiling humahabol dito.

Habulan pa rin sila nang habulan. Malapit na niya itong maabutan. Nang limang talampakan na lang ang layo nito ay tumalon na siya at sinunggaban ang suspect. Sabay silang tumumba. Bago pa makabawi ang lalaki ay sinuntok na niya ito sa panga na dagling nagpatulog dito.

“Walanghiya ka! Pinagod mo pa ako. Under arrest ka.” At pinosasan na niya ito.

---

Dumagundong ang palakpakan sa headquarters nang dumating si Rouel at mga kasamahan niya, kasama ang suspect. Isa-isang lumapit sa kanya ang ibang agents para batiin siya. Lumapit din sa kanya ang chief nila.

“Congratulations, Rouel. You’ve done a very good job,” anito.

“Thank you, Sir,” nakangiti niyang sagot.

“May naghihintay sa iyo sa interrogation room. Witness sa isang murder. Isama mo na si Willie.”

“Yes, Sir.”

“Ah, Rouel....”

“Sir?”

“Wala,” nakangiting sagot nito at saka napailing.

Isinama niya si Willie sa pagharap sa witness. Si Willie ang partner niya mula nang magsimula ito sa NBI. Bata ito ng apat na taon sa kanya pero mahusay rin itong agent. Bagaman mas maliit ito nang kaunti sa kanya, magandang lalaki rin ito—kayumanggi ang kutis, chinito ang mga mata, itim ang buhok. Bukod doon, magaang kasama si Willie; palatawa at komikero. Kaya madali niya itong naging kaibigan.

Pagtungo nila sa interrogation room ay nadatnan nila roon ang isang dalaga, nakaupo sa silya at namumutla sa takot.

Pagtaas nito ng ulo, stunned si Rouel sa nakita. *Ang ganda naman niya... at ang sexy pa.* Pero saglit

lang siyang natulala at muli na namang sumeryoso. “Good morning. Special Agent Rouel Concepcion. Ito naman ang partner ko, Agent Willie Perez. Ano ba ang maipag-lilingkod namin sa inyo?”

“Carla po. Carla Medina.” Tumayo ang dalaga at kinamayan ang dalawa.

“Maupo ka.”

Sabay-sabay silang umupo.

Nagsimula nang magkuwento si Carla sa nasaksihan pero dahil nga sa medyo lasing siya noon ay malabo ang kuwento niya.

“Teka, Miss, sigurado ka bang ‘Tomas’ ang pangalang narinig mo?” usisa ni Rouel.

“Opo.”

“Pangalan o apelyido?”

“Ewan ko po.”

“At sigurado ka ba sa punyal, jacket at bota na nakita mo?”

“Opo. Siguradong-sigurado ako.”

“Pero sabi mo’y nakainom ka nang gabing iyon.”

“Oo nga pero maliwanag pa rin sa akin ang lahat.

Pati sa panaginip, malinaw na malinaw,” natataranta niyang paliwanag.

Napatayo ang binata sa narinig, kumunot ang noo. “Panaginip?” Ano ba ito? Dream sequence? Miss, pagod na pagod na kami dahil sa stake-out namin kaninang umaga. Napakaraming kaso na dapat asikasuhin. ‘Tapos ngayon, sasabihin mo, sa panaginip,” inis nitong sabi.

Parang umakyat sa ulo ang lahat ng dugo ni Carla. “Eh, hindi ko naman sinabi na sa panaginip ko nakita iyon. Hindi mo ba naiintindihan? May isang Tomas na namatay kagabi doon sa isang lumang talyer. Ngayon, dapat mong hulihin ang mamamatay-tao. Dahil kung hindi, ikaw ang mananagot!” hysterical niyang sabi.

“Huwag mo akong pangunahan!” Napasuntok si Rouel sa mesa. Nagulat tuloy sina Willie at Carla.

“Partner, cool ka lang. Huwag kang masyadong high blood.” Pinipigilan ni Willie si Rouel sa balikat.

“Nananaginip pa yata iyong kausap natin, eh.”

“Hoy, Mamang Agent, kung ano man ang pangalan mo...” simula ni Carla.

“Rouel Concepcion,” bulong sa kanya ni Willie.

“... Rouel Concepcion, kung ayaw mong

maniwala sa akin, bahala ka. Ako na nga itong nagmamagandang-loob, ako pa 'tong.... Buwisit!" At nagmamadaling lumabas ng kuwarta si Carla. Naiwang nakatanga ang dalawang lalaki.

Papalabas na ng headquarters ang dalaga nang mahabol siya ni Willie.

"Miss Medina...."

Lumingon siya at huminto nang makita ang lalaki. "O, ano na naman?" naiirita niyang tanong.

"Pasensya ka na. Talagang pagod lang iyong partner ko. Hayaan mo't iimbestigahan namin itong kasong 'to. Pupuntahan namin iyong sinasabi mong lumang talyer."

Napaamo siya at nginitian ang kaharap. "Salamat, ha? Pasensya ka na rin at napasigaw ako kanina."

"Kalimutan mo na iyon."

---

Nasa bahay na si Carla ay iniisip pa rin niya ang pangyayari sa headquarters. Pagkapasok niya ay ibinalibag niya ang bag sa sofa.

"Guwapo pa naman siya. Iyang Special Agent Rouel Concepcion na iyan, makikita niya. Nakahanap



siya ng katapat!”

Bumalik sa isip niya ang hitsura ng lalaki. Matangkad ito, mga 5’9” ang taas; kayumanggi, maitim ang buhok, matipuno ang katawan, matangos ang ilong at maganda ang korte ng labi.

“Sayang! Antipatiko lang.”

Linggo noon at wala siyang magawa. *Ayoko namang lumabas at baka makita ako ng killer.* Nagtatalo ang isip niya. Hindi siya sanay ng nagkukulong lang sa bahay. Dati, kapag Linggo ay namamasyal siya pero hindi iyon puwede ngayon. *Hmm... alam ko na.*

Lumapit siya sa kinapapatungan ng telepono at pinindot ang numero ng isang kaibigan. “Hello, Imee? Si Carla ito.”

“O, Carla! Ano’ng bago?”

“Hay naku! Marami.”

“Bakit? Ano’ng nangyari?” excited na tanong nito.

Sinimulan niya ang pagkukuwento sa mga pangyayari nang nakaraang gabi at nang araw na iyon, sa headquarters. Nang matapos, hingal na hingal siya. Sa kabilang linya ay narinig niyang

tumatawa si Imee.

“Hoy! Bakit tawa ka pa nang tawa?”

“Guwapo naman pala ’yung agent mo!” tukso nito.

“Loka ka talaga,” saway niya.

Tumigil sa pagtawa si Imee at nagseryoso. “Pero, Carla, delikado ’yan. Baka mapa’no ka niyan,” nag-aalalang sabi nito.

“Hindi naman ako nakita noong killer, eh.”

“Malay mo, nasundan ka.”

“Kung nasundan ako n’on, patay na ako ngayon. Pero huwag kang mag-alala, mag-iingat ako. O, pa’no? ’Bye na. Magkita na lang tayo bukas.”

“Sige. Mag-iingat ka, ha?”

---

*“Isang patay ang natagpuan kaninang madaling-araw na lumulutang sa ilog na ito. Nakilala ang bangkay bilang si Antonio Tomas, presidente at owner ng Morning Enterprises. Ayon sa medical examiner, labing-limang saksak ang natamo ni Tomas sa tiyan, dibdib, likod at ulo.”*

Biglang napapreno si Carla nang marinig niya ang report sa radio sa loob ng kotse habang papunta siya sa opisina. Galit siyang binusinahan ng kotseng nasa likuran niya.

Hindi na lang niya pinansin iyon. Huminga siya nang malalim bago muling pinaandar ang sasakyan. Pero imbis na magpatuloy patungo sa opisina ay bumalik na siya sa bahay.

Malayo pa lang ay nakita na niya ang nakaparadang kotse sa tapat ng kanyang tirahan. *Sino kaya ang bisita?* Nagulat siya nang makita sina Rouel at Willie sa porch.

“Magandang umaga, Miss Medina,” bati agad ng masayahing si Willie.

“Ano’ng kailangan ninyo?” nakasimangot niyang usisa.

“Siguro naman ay narinig mo na ang report tungkol sa pagpaslang sa isang Antonio Tomas,” seryosong sabi ni Rouel.

“Oo. Nakikinig ako ng radyo sa kotse.”

“Imbitahan ka sana namin sa headquarters for questioning.”

“Bakit? Suspect ba ako? Aba’y baliktad na yata

ang mundo ngayon. Ako na nga itong witness, ako pa ngayon ang pinagbibintangan ninyo.” Kumukulo na agad ang dugo ni Carla.

Napansin iyon kaagad ni Willie. Kaya bago pa makasagot si Rouel ay nanguna na ito sa pagpapaliwanag. “Ah... Miss Medina, hindi naman sa pinagbibintangan namin kayo. Kailangan lang namin ng higit pang detalye tungkol sa kaso. At isa pa, kakailanganin namin kayo para ma-identify’yung bangkay, kung siya nga iyong nakita mong pinatay noong Sabado ng gabi.”

Wala nang magawa ang dalaga kaya sumama na siya sa dalawa.

---

“Ilang beses ko bang ikukuwento sa inyo ang nangyari?” naiinip na reklamo ni Carla habang nakaupo sa interrogation room.

“Sige na, Miss Medina. Umpisahan n’yo na sa simula.” Nagpipigil na rin ng galit si Rouel.

Napabuntunghininga ang dalaga pero sinimulan na niya ang kuwento. Matapos ang pagsasalaysay ay dinala siya ng dalawa sa morgue. Ayaw sana niyang pumasok pero wala rin siyang magawa kundi ang sumunod. Kailangan niyang ma-identify ang “Tomas’

na nakita niya nang gabing iyon.

Pagpasok sa kuwarto, lumantad sa harapan niya ang ilan sa mga patay na naroon. Bagaman nakatakip ang mga ito ng kumot, litaw ang mga paa nito—matitigas at maiitim na paa. Nakadama ng panginginig si Carla, nanlambot ang kanyang mga tuhod.

Nang mapansin iyon ni Rouel ay kaagad siyang inalalayan. Napasandal siya sa mga bisig nito.

“Okay ka lang?” tanong nito.

“Oo, salamat.” Tumayo siya nang tuwid nang mapahinahon ang sarili.

Tuloy pa rin sila sa paglakad patungo sa kaloob-looban ng morge. At sa dulo nga ay may isang bangkay na nakatakip ng puting kumot. Naroon din ang medical examiner na nakasuot ng smock at surgical gloves. Tinanguan lang ito ni Rouel at unti-unti nitong tinanggal ang puting kumot na nakapatong sa bangkay.

Na-shock si Carla nang makita ang mukha ng bangkay. Bumalik ang panginginig ng katawan niya. Parang may kung anong humahalukay sa kanyang sikmura; parang lalabas ang lahat ng lamang-loob niya. Bukod doon ay tumayo ang lahat ng kanyang

balahibo.

Nang hindi na makatiis, iginalala niya ang paningin hanggang sa makakita ng lababo. Kaagad siyang tumakbo papunta roon at saka dumuwal. Kahit walang lumalabas sa bibig niya ay pinilit pa rin niyang dumuwal. Gusto niyang maalis sa sistema niya ang nakakapangilabot na nakita.

Naramdaman na lamang niyang may kamay na humahagod sa kanyang likod. Nakakapagpakalma iyon. Nilingon niya kung sino ito at nakita si Rouel. Napakaamo ng mukha nito. Naghilamos siya at nagmumog para mahimasmasan.

“Okay ka na, Miss?”

“Okay na ako, salamat,” mahina niyang tugon.

Parang hindi kumbinsido si Rouel sa sagot niya kaya hindi pa rin siya nito binibitawan. Nailang siya at nagpumilit na kumawala sa binata.

“Sigurado ka?” panigurong tanong nito.

“Oo.”

Pagkatapos niyon ay lumabas na sila ng morge. Hinarap siyang muli ni Rouel pero bumalik na ang pagkaseryoso ng mukha nito. “Siya ba iyong nakita mong sinaksak noong Sabado ng gabi?”

“Oo,” sagot niya. “Siguradong-sigurado ako.”

“Salamat sa pagsama mo rito ngayon.” Pagkuwa’y bumaba na naman ang boses nito. “Kaya mo na bang umuwi?”

“Kaya ko na ito,” alanganin niyang sagot.

“Baka hindi pa’y sasamahan na kita.”

*Kapag ganito palang maamo ang mukha’t boses nito’y lalo siyang gumaguwapo, sabi niya sa isip. “Ah, hindi na. Salamat na lang,” sagot niya at saka na nagpaalam dito.*

Pagtalikod na pagtalikod ni Carla ay hinarap ni Willie si Rouel at tiningnan ito nang tila nakakaloko.

“Bakit?” takang tanong ni Rouel sa kaibigan.

“Wala,” inosenteng sagot nito.

Pero patuloy pa rin ang panunukso nito sa pamamagitan ng tingin. Sumeryoso na naman ang mukha ni Rouel.

Paglabas ni Carla ng headquarters ay may nag-aabang na reporter sa kanya. Nang makita siya nito ay dali-dali siyang nilapitan.

“Miss, kayo ba ang witness sa Antonio Tomas murder case?” usisa ng reporter.

Hindi niya ito pinansin at tumuloy lang siya sa kotse. Pero sinundan pa rin siya nito.

“Miss, kailangan lang namin ng statement ninyo tungkol sa pangyayari,” pangungulit pa rin ng babae.

Sa wakas ay hinarap niya ito. “Oo, ako nga ang witness. Pero gusto ko na sanang umuwi at magpahinga,” pakiusap niya.

“Okay lang ba sa iyo kung sa bahay mo na lang tayo mag-usap?”

Itinaas niya ang kamay sa ere at saka humugot ng hininga. Suko na siya sa kakulitan nito. “Bahala ka.”

Pagdating sa bahay ay isinalaysay niya sa reporter ang lahat ng sinabi niya sa NBI agents. Pagkaalis na pagkaalis nito ay tumawag siya sa office nila at sinabing hindi siya makakapasok nang araw na iyon.



# 3

Bantulot na iniunat ni Carla ang kanyang kamay upang patahimikin ang alarm clock. Sa wakas ay nagising din siya niyon. Kahit antok na antok pa ay pinilit niyang bumangon.

Pagkaligo ay lumabas siya para kunin ang diyaryo na idine-deliver sa pintuan niya tuwing umaga. Nagulat siya nang makita ang mukha niya sa front page. Medyo nalito pa siya hanggang sa maalala niyang kinuhanan nga pala siya ng litrato ng reporter nang nakaraang araw.

Binasa niya ang news report. Naroon ang pangalan niya at identified siya bilang witness sa Antonio Tomas murder case. Lahat ng pinag-usapan nila ng reporter ay nakaulat doon, pati na ang tungkol sa description niya sa killer. Matapos basahin ang tungkol sa kanya ay pumasok na siya sa loob ng bahay at nagtuloy sa kusina para magtimpla ng kape.

Pero bago pa niya mahigop ang kape ay tatlong malalakas na katok ang gumulantang sa kanya. Ibinaba niya tangang tasa at saka napilitang tumayo. “Ano ba naman! Kay aga-aga, eh,” reklamo niya.

Pagkabukas niya ng pinto ay nagulat siya sa nabungaran. Seryosung-seryoso ang mukha nina Willie at Rouel. May dalang diyaryo ang huli.

“Ano ’to?” tanong ni Rouel habang itinataas ang tangan. Bago pa siya nakasagot ay nakapasok na ang dalawa sa loob ng bahay.

“Diyaryo,” inosenteng sagot niya.

“Ano ito?” ulit nito at itinuro ang litrato niya roon.

“Picture ko.”

Umikot ang mga mata ni Rouel at ibinagsak ang hawak na diyaryo sa center table. “Bakit ka nagpa-interview?”

“Bakit? Masama ba ’yon?” nalilito niyang tanong.

“Tinatanong pa ba iyon! Papaano kung mabasa ito ng killer at nakita ang mukha mo. Di ikaw ang isusunod niya.” Nanggigigil na ito sa galit.

“Sa hindi ko naman alam, eh,” pagtatanggol niya sa sarili. “At saka isa lang naman iyan.”

“Kahit na ilan pa iyan, mali pa rin ang ginawa mo.”

Hindi na siya nakakibo. Alam niyang isang

kapalpakan ang kanyang ginawa. “Sorry,” nakayuko niyang usal.

“‘Sorry?’ Bakit? Maililigtas ka ba ng sorry mo?” mataas na ang boses na sabi nito.

“Sorry na nga, eh.”

“Ano’ng gusto mo, maging star witness?” nang-aasar na tanong ng lalaki. Nanatiling tahimik si Willie, nakatingin lang sa dalawa.

“Hindi ko naman alam na mapapahamak ako, eh. Kung alam ko lang, di sana’y hindi na ako nagpa-interview. At saka kaya ko namang ingatan ang sarili ko. Hindi ko kailangan ang tulong mo. Kung ikaw rin lang ang magtatanggol sa akin, di bale na lang,” taas-noong sagot ng dalaga.

Sasagot pa sana si Rouel nang may narinig itong ingay ng gulong ng sasakyan na parang biglaang ipinreno. Huminto iyon sa may tapat ng bahay ni Carla. Parang hinahabol ang bawat sandali, bigla siya nitong hinatak sa braso, itinumba ang sofa at saka siya inihiga sa sahig. Hindi na niya namalayan nang daganan siya nito.

Magrereklamo sana siya nang marinig ang sunud-sunod na putok—mga putok ng baril. Nagbasagan ang mga bintana. Nag-splinter ang kahoy. Nabibingi

na siya sa sobrang ingay. “Aaah! Tama na! Tama na!” tili niya.

Ang akala ni Carla ay wala nang katapusan ang putukan pero mayamaya lang ay huminto na iyon. Narinig nilang umalis ang sasakyan.

Si Willie na nakatago sa likod ng isa pang sofa ay dali-daling tumayo at lumabas ng bahay upang habulin ang sasakyan.

Nakapikit pa rin siya. Nang imulat niya ang mga mata, mukha ni Rouel ang kanyang nasilayan. Nakadagan pa rin ito sa kanya, nakatitig sa mga mata niya. Parang tumigil ang oras para sa kanilang dalawa.

Nakatitig pa rin ito sa mukha niya. Nababasa niya sa mga mata nito ang pag-aalala. Para siyang matutunaw. Nanginginig ang kanyang katawan, nanlalambot ang tuhod. Hindi niya alam kung iyon ay dahil sa nagdaang pangyayari o dahil sa pagkakalapit nila ni Rouel.

“Wala na sila!”

Bigla silang natauhan sa sigaw ni Willie. Bago pa ito makapasok ng bahay ay kaagad nang tumayo ang dalawa at inayos ang sarili. Balisa sila at hindi mapakali. Halos hindi makatingin si Rouel sa kanya.

“Okay ka na?” pagkuwa’y tanong nito.

Tumango siya.

“Hindi ka ba nasaktan?”

Umiling siya.

“Wala na sila. Hindi ko nahabol,” humihingal na sabi ni Willie, may hawak pa ring baril.

“Nakita mo ba ang plate number?” tanong ni Rouel.

“Walang plate number. Puting kotse, tinted ang lahat ng salamin. Ni hindi ko nakita kung ilan ang laman.”

Natahimik sila. Iniligid ni Carla ang paningin sa buong bahay. Marami ang nasira na kagamitan sa sala. Basag ang ilang salamin. Bigla niyang na-realize na maaaring patay na siya nang sandaling iyon.

Nakadama siya ng panghihina. Para siyang babagsak sa sahig. Pero bago nangyari iyon ay nakita na siya ni Rouel at madali siyang nasalo.

Iniupo siya nito sa sofa at saka tumabi sa kanya. Inakbayan siya nito, hinagod ang kanyang likod. Nanginginig siya, hindi mapigilan ang pag-iyak.

Hindi nito malaman ang gagawin habang huma-

hagulhol siya. Niyakap siya at isinubsob ang kanyang ulo sa dibdib nito. Unti-unti, nawala ang takot niya na parang ligtas siya sa mga bisig ng binata.

Nang mahimasmasan ay tumawag siya sa office para sabihing hindi siya makakapasok nang ilang araw.

Pagkababa niya ng telepono ay nakasalubong niya ng tingin sina Rouel at Willie.

Umiyak na naman siya. Ayaw na niya pero hindi niya mapigilan ang mga luha. Lumapit sa kanya si Rouel at niyakap siya.

“Huwag kang mag-alala,” sabi nito. “Hindi ka namin pababayaan.... Hindi kita pababayaan,” sabi nito.

Humilig siya sa balikat ng binata. Nadama na naman niya ang kasiguruhan at kaligtasan. Napapikit siya at nakatulog sa balikat nito.

---

Nang magising si Carla ay nasa kuwarto na siya. *Ano’ng nangyari? Bakit ako nandito?* litong tanong niya sa isip. Bigla niyang naalala ang pangyayari sa sala. Panaginip lang ba ang lahat ng iyon?

*Binuhat kaya ako ni Rouel papunta rito? Napapikit*

siya sa naisip. Mayamaya ay napangiti siya sa sarili.

Lumabas siya ng kuwarto at dumeretso sa sala. Nagulat siya sa nakita. Maayos na ang lahat. Wala na ang nagkalat na bubog ng salamin sa sahig.

Nadatnan niya sina Rouel at Willie sa kusina, nagbabasa ng diyaryo at umiinom ng kape. Kaagad na tumayo ang mga ito nang makita siya.

“Kamusta ka na?” nakangiting tanong ni Willie.

“Mabuti na. Pasensya na kayo’t nakatulog ako. Kayo pa tuloy ang naglinis ng bahay; nakakahiya sa inyo.”

“Okay lang iyon. Mabuti nga’t nakapagpahinga ka,” nakangiti ring sabi ni Rouel.

Bumunot siya ng hininga bago nagsalita. “Ano na ang mangyayari ngayon?”

“Huwag kang mag-alala, hindi ka namin pababayaang. Sisikapin naming mahuli ang salarin,” sagot ng binata.

“Nakilala na kaya ako ng killer?” nag-aalala niyang tanong.

“Malamang. Pero mahuhuli rin namin sila,” paniniguro ni Willie.

Nakatingin pa rin sa malayo si Carla, hindi alam ang iisipin.

“Mabuti pa’y pumunta muna tayo sa headquarters para mag-report,” sabi ni Rouel.

“Papa’no si Carla?” tanong ni Willie.

“Isasama natin siya. Mas ligtas doon ngayon.” Tiningnan siya nito. “Kaya mo na bang magbiyahe?”

“Oo.”

---

Hindi mapakali si Rouel sa loob ng interrogation room. Lakad ito nang lakad, paroon at parito. Nahihilo na tuloy si Carla sa katitingin dito, pati na rin si Willie.

“Ano’ng iniisip mo, Partner?” basag ni Willie sa katahimikan.

Huminto si Rouel sa paglalakad. “Una, nabasa ng killer ang ulat sa diyaryo at nakilala si Carla. Ikalawa, nasundan siya nito mula pa rito sa headquarters. At ikatlo, hindi nag-iisa ang killer. Malamang na dalawa o tatlo sila. Isang nagmamaneho at dalawang taga-baril.”

Sa pagkakarinig niyon ay napatayo ang dalaga.



“Tama! Tatlo nga sila,” excited niyang sabi. “Noong gabing nakita ko ang krimen, narinig ko silang nag-uusap. Tatlong boses ng lalaki ang narinig ko, puwera’yung sa pinatay. Isang malalim, isa medyo matinis at iyong isa... iyong Big Boss... buong-buo ang boses.”

“Samakatuwid ay tatlo nga sila sa grupo.”

May idudugtong pa sana si Rouel nang marinig nilang bumukas ang pinto. Nakita niyang pumasok ang superior nila. Matangkad ito at matipuno.

“Good morning, Sir,” sabay na bati nina Rouel at Willie.

“Good morning.” At lumingon naman ito kay Carla. “Good morning, Miss Medina.”

“G-good morning ho,” bantulot niyang sagot.

Lumingon ulit ang chief sa dalawang agents. “Ano ba ang sitwasyon natin?” tanong nito.

Ipinaliwanag ni Rouel ang lahat-lahat sa superior nila.

“Ano ang suggestion mo rito, Rouel?” tanong nito kapagdaka.

“Sir, ngayong alam na ng killer kung nasaan si Car... si Miss Medina, siguradong itutuloy nito ang

pagbabanta sa buhay niya. Isina-suggest ko, Sir, na bigyan natin siya ng police protection.”

“Tama ka. Mabuting manatili muna siya sa isang safehouse habang nasa peligro ang buhay niya.”

“Sir, may suggestion po sana ako.”

“Ano ’yon?”

“Na manatili po muna si Miss Medina sa bahay niya habang hindi pa nahuhuli ang killer,” simula ni Rouel.

Napamaang si Carla sa narinig.

“Pero babantayan po namin siya ni Willie,” patuloy ng binata. “Hintayin lang po nating sumalakay ulit ang killer para mahuli natin siya o sila. Medyo delikado iyon pero mas malaki ang chance na mahuli natin ang salarin.” Pagkatapos ay lumingon ito sa dalaga. “Iyon po ay kung papayag si Miss Medina.”

Tatlong pares ng mga mata ang bumaling kay Carla, naghihintay ng isasagot niya.

Tiningnan niyang muli si Rouel. Alam niyang hindi siya pababayaan nito. Unti-unti siyang tumango bilang pagsang-ayon.

May kung anong kumirot sa dibdib ni Rouel

*Hindi Kita Iwan - Aiya Lozano*

---

nang pumayag si Carla sa suhestyon niya. Totoong mas madaling malulutas ang kaso sa ganoong paraan pero inilagay niya sa peligro ang buhay ng dalaga. At hindi niya mapapatawad ang sarili kapag may mangyaring masama rito.